# Ano ang mga Paggamot na Monoclonal Antibody?

Kung ikaw ay nanganganib na magkaroon ng malubhang sakit na COVID-19 at nagpositibo sa COVID-19 o malapit na nakasalamuha ng isang taong nagpositibo, maaari mong pag-isipang tumanggap ng paggamot na monoclonal antibody (mAb, antibody na mula sa pag-clone ng isang cell). Maaaring kwalipikado ka para sa paggamot na mAb upang gamutin ang COVID-19 depende sa iyong edad, kasaysayang pangkalusugan, at kung gaano katagal ka nang may mga sintomas.

Ang paggamot na mAb ay maaaring makahadlang sa virus na sanhi ng COVID-19 na pumasok sa mga cell sa katawan mo at makapaglimita sa dami ng virus na nasa iyong katawan. Ibig sabihin, maaaring maging mas banayad lang ang mga sintomas mo at maaari nitong bawasan ang posibilidad na kailanganin mong manatili sa ospital.

Maaaring makatulong ang paggamot na mAb sa mga taong:

- May mataas na panganib na magkaroon ng mas malalalang sintomas **at**
- May positibong pagsusuri sa COVID-19 na may mga sintomas sa loob ng 7 araw o mas kaunti **o**
- Malapit na nakasalamuha ng sinumang nagpositibo kamakailan

## ANO ANG MONOCLONAL ANTIBODY?

Likas na gumagawa ang iyong katawan ng mga antibody na panlaban sa impeksiyon. Gayunpaman, maaaring walang antibody ang iyong katawan na may kakayahang tumukoy ng novel (o bago) na virus tulad ng SARS-CoV-2, ang virus na sanhi ng COVID-19. Ang mga monoclonal antibody, o mAb, ay ginagawa sa isang laboratoryo upang labanan ang isang partikular na impeksiyon (sa kasong ito, ang SARS-CoV-2) at direktang ibibigay sa iyo sa isang infusion (pagpapadaloy sa ugat). Maaaring makatulong ang paggamot na mAb kung mataas ang panganib na magkaroon ka ng malalalang sintomas o manatili sa ospital.

Ang paggamot na mAb para sa COVID-19 ay iba pa sa bakuna sa COVID-19. Pinapagana ng bakuna ang likas na immune response ng iyong katawan, ngunit maaaring umabot nang ilang linggo bago makabuo ng sapat na mga antibody laban sa isang virus. Kaya, kung may virus ka, ibibigay ng paggamot na mAb sa katawan mo ang mga antibody na kailangan nito upang maprotektahan ang sarili nito. Ang paggamot na mAb ay hindi kapalit ng pangangailangan para sa immunity na hatid ng bakuna ngunit makakatulong ito sa iyo kung nanganganib kang magkaroon ng malubhang COVID-19.

## PUWEDE BA AKONG MAGKASAKIT NANG DAHIL SA PAGGAMOT NA MONOCLONAL ANTIBODY?

Walang lamang anumang buhay na virus ang mga paggamot na antibody, kaya hindi ka nanganganib na magkasakit ng COVID-19 nang dahil sa paggamot na mAb. Gayunpaman, maaaring may mga side effect ang paggamot na antibody. Mangyaring makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga posibleng side effect at kung ano ang gagawin kung maranasan mo ang mga ito.

- ## PAANO KUNG HINDI AKO KWALIPIKADO PARA SA ISANG PAGGAMOT NA MONOCLONAL ANTIBODY?

Maaaring pagpasyahan ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na hindi ka kwalipikado para sa paggamot na mAb. May ilang posibleng dahilan para dito. Maaaring hindi mo natutugunan ang lahat ng pamantayan para maging kwalipikado, o maaaring may umiiral kang kondisyon sa kalusugan na dahilan para hindi ka makwalipika para sa paggamot na mAb. Tanungin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iba pang opsiyon sa paggamot.

- ## PAANO AKO MAKAKATANGGAP NG MGA MONOCLONAL ANTIBODY?

Hakbang 1: Magpositibo sa COVID-19 at magkaroon ng mga sintomas sa loob ng 7 araw o mas kaunti.

Hakbang 2: Makakuha ng referral mula sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Hakbang 3: Humanap ng bukas na fusion center (sentro para sa pagsasanib).

Upang makatanggap ng mAb, dapat ay i-refer ka sa paggamot ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan at papuntahin sa mga bukas na lokasyon para sa pagsasalin. **Kung wala kang provider ng pangangalagang pangkalusugan**, tumawag sa Combat COVID Monoclonal Antibodies Call Center (Call Center tungkol sa mga Monoclonal Antibody para sa Pagsugpo sa COVID) sa 1-877-332-6585 upang alamin kung kanino makikipag-usap tungkol sa iyong mga sintomas at paggamot.

Washington State Department of Health

DOH 825-031 March 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa mailto:ecivil.rights@doh.wa.gov.